MH 500
7/1/2024

County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan
Pahintulot para sa mga Serbisyo

Mga Serbisyo
Ang County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan (Los Angeles County Department of Mental Health/LACDMH) ay nagbibigay ng **Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan** (Specialty Mental Health Services/SMHS) para sa mga taong may sakit sa pag-iisip o mga problemang emosyonal na nangangailangan ng paggamot ng isang espesyalista. Ang mga sakit o problemang ito ay may sapat na kalubhaan na ang mga ito ay hadlang sa kakayahan ng isang tao para maisagawa ang kanilang mga pang-araw-araw na aktibidad. Maaaring kabilang sa SHMS ang sikolohikal na pagsusuri, sikoterapiya/pagpapayo, mga serbisyo sa rehabilitasyon, medikasyon, pamamahala sa kaso, mga laboratoryong pagsusuri, mga pamamaraang dayagnostiko, at iba pang mga naaangkop na serbisyo. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyong ito, mangyaring sumangguni sa **County ng Los Angeles Handbook ng Benepisyaryo para sa Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan**: https://dmh.lacounty.gov/our-services/patients-rights/. Maaari kang humiling ng kopya ng Handbook na ito sa anumang oras.

Ang lahat ng SMHS na ibinigay sa kliyente sa loob ng sistema ng LACDMH ay ipagtutugma ng kawani ng iisang ahensya. Maaaring ihatid ang mga serbisyo sa magkakaibang lokasyon kung makikinabang dito ang paggamot ng kliyente. Para makahanap ng mga site ng tagapagbigay na direktang pinatatakbo at kinokontrata ng LACDMH sa buong County ng Los Angeles, mangyaring sumangguni sa **Provider Directory ng LACDMH**: https://dmh.lacounty.gov/pd/.

Paghahatid-serbisyo
Kapag nagbibigay ng SMHS, ginagamit ng LACDMH ang **Telehealth, Telepono, Secure Text Messaging**, at **Secure Email** upang pinakamahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng aming mga kliyente. Ang Telehealth (na may komunikasyong biswal at audio) at Telepono (na may komunikasyong audio lamang) ay mga paraan kung saan ang mga kawani ay makapagbibigay ng mas mabuting akses sa aming nasasaklaw na serbisyo dagdag pa sa pakikipag-usap sa aming mga kliyente. Sa pamamagitan ng paggamit ng telehealth o telepono, magagawang makipag-usap ng mga kliyente sa mga kawani ng kalusugang pangkaisipan at lumahok sa mga serbisyo ng kalusugang pangkaisipan mula sa kanilang lokal na kapaligiran. Ang Secure Text Messaging at Secure Email ay mga karagdagang paraan kung saan ang aming mga kawani ay kayang makipag-usap nang mabilis at mahusay sa mga kliyente tungkol sa kanilang mga serbisyo. Ang Mga Secure Text ay ipapadala sa pamamagitan ng isang aplikasyon na aprubado ng LACDMH, at ang impormasyong ibinahagi ng Secure Text ay lilimitahan sa mga paalala ng tipanan (appointment) at paggamot. Hindi gagamitin ng mga kawani ang Secure Text para sa mga layuning dayagnostiko o terapi. Mahalaga para sa mga kliyente na panatilihing may kaalaman ang kanilang (mga) tagapagbigay ng kalusugang pangkaisipan (mental health providers) sa kanilang kasalukuyang impormasyon ng kontak (contact information) kung sakaling ito ay magbabago sa anumang oras. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Telehealth, Telephone, Secure Text Messaging, at Secure Email, sumangguni sa pahina ng Mga Kadalasang Katanungan na nasa ibaba.

Ang mga kliyente ay may karapatan sa akses sa anumang nasasaklaw na serbisyo na maaaring maihatid gamit ang telehealth o telepono sa pamamagitan ng sa-personal na pagbisita kung pipiliin nila ito. Kabilang sa saklaw ng Medi-Cal ang pagkakaroon ng mga serbisyo ng transportasyon sa mga sa-personal na pagbisita kapag ang iba pang mapagkukunan ay makatuwiran nang naubos. Upang maakses ang impormasyon tungkol sa pagkuha ng transportasyon, makipag-usap sa inyong Member Services Department ng Managed Care Plan o pumunta sa https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/Transportation.aspx

Kakayahang Magpahintulot ng Menor-de-edad
Para sa mga menor-de-edad (hal., mga kliyente na wala pang 18 taong gulang), karaniwan ang kanilang (mga) legal na tagapag-alaga (legal guardians) ang nagpapahintulot para sa mga serbisyo sa ngalan ng kanilang anak. Gayunpaman, may mga sitwasyon kung saan ang mga menor-de-edad (12 taon ang edad pataas) ay maaaring magkuwalipika na magpahintulot para sa kanilang sariling mga serbisyo. Kung natukoy na klinikal na naaangkop, ang isang propesyonal (practitioner) ay kukumpletuhin ang seksyon na **Pahintulot para sa Menor-de-edad** upang matukoy kung ang menor-de-edad ay sapat nang napapanahon na makilahok, at magpahintulot para sa mga serbisyo. Ang isang menor-de-edad ay hindi maaaring magpahintulot sa medikasyong psychotropic. Dagdag pa sa pagpapahintulot para sa kanilang sariling SMHS, kung gusto ng menor-de-edad na humiwalay sa Medi-Cal ng kanilang legal na tagapag-alaga upang maitatag ang kanilang pangsarilinan (na maaaring humantong sa kanilang mga legal na tagapag-alaga na hindi magkaroon ng kaalaman tungkol sa kanilang paggamot), kakailanganin nilang makipagtulungan sa Kagawaran ng Serbisyo ng Pampublikong Lipunan (Department of Public Social Services/DPSS) upang makapagtala sa **Pahintulot ng Menor-de-edad Medi-Cal** (Minor Consent Medi-Cal) o **Mga Sensitibong Serbisyo** (Sensitive Services). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programang ito, pumunta sa: https://dpss.lacounty.gov/en/health/teens.html

LACDMH Pahintulot para sa mga Serbisyo

County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan
Pahintulot para sa mga Serbisyo

Mga Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Benepisyaryong nasa Hustong Gulang
Ang lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal na 18 taon ang edad pataas ay may karapatan na gumawa ng mga desisyon tungkol sa kanilang medikal na paggamot maliban kung sila ay protektado o ang isang ikatlong partido (third party) ay nabigyan ng kakayahan na gumawa ng kanilang mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang **Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan** ay isang legal na dokumento na pinapayagan ang isang indibiduwal na ilahad nang maaga ang kanilang mga naisin sakaling hindi sila makagagawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap. Ang lahat ng impormasyon sa Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan ay pananatilihin sa klinikal na rekord ng kliyente. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mga Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan at kung paano isagawa ito, sumangguni sa Mga Kadalasang Katanungan na nasa ibaba.

Database ng Bukas na Bayad (Open Payments database)
Ang pederal na Physician Payment Sunshine Act ay nag-uutos na ang detalyadong impormasyon tungkol sa bayad na nagkakahalaga ng higit sampung dolyar ($10) sa mga doktor mula sa mga tagagawa ng mga gamot, aparatong medikal, at biologics ay gawing bukas (available) sa publiko. Ang database ng Bukas na Bayad (Open Payments) ay isang pederal na kasangkapan na ginagamit para mahanap ang mga pagbabayad na ginawa ng mga kumpanya ng gamot at aparato sa mga doktor at sa mga nagtuturong ospital. Ang database ng Bukas na Bayad ay maaaring matagpuan sa http://openpaymentsdata.cms.gov.

Mga Alituntunin sa Klinikal na Pagsasanay
Ang Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ay bumubuo at nagpapatibay ng mga parameter ng klinikal na pagsasanay na batay sa wasto at maaasahang klinikal na ebidensya at/o pinagkasunduan ng mga provider sa kalusugan ng pag-isip. Ang mga parameter ng klinikal na pagsasanay ay sinusuri at ina-update sa isang regular na batayan. Ang Mga Parameter sa Kilinikal na Pagsasabay ng DMH ay makikita sa https://secure2.compliancebridge.com/lacdmh/public/index.php?fuseaction=app.main&msg= o sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong provider.

MyHealthPointe
Ang MyHealthPointe ay isang online portal ng kliyente na nagbibigay ng madali at secure na access sa iyong online na rekord sa kalusugan ng pag-iisip. Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang aming website: https://dmh.lacounty.gov/client-portal/.

Sa pagpapahintulot sa mga serbisyo ng LACDMH, nauunawaan mo na:

1. May karapatan kang mabigyan ng kaalaman at makilahok sa seleksyon ng anuman sa mga Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan na inilarawan sa **County ng Los Angeles Handbook ng Benepisyaryo para sa Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan.**
2. May karapatan kang tumanggap ng mga serbisyo nang hindi inaatasan na tumanggap ng iba pang mga serbisyo mula sa sistema ng LACDMH.
3. Ang lahat ng mga serbisyo, kabilang ang paggamit ng telehealth, telephone, secure email at/o secure text messaging, ay boluntaryo, at may karapatan kang humiling ng pagbabago sa tagapagbigay-serbisyo (ahensya o kawani).
4. Mayroon kang opsyon na pigilin o i-atras ang pahintulot para sa anumang serbisyo, paraan ng serbisyo, o pamamaraan ng komunikasyon sa anumang oras, kabilang ang anumang oras sa isang sesyon, nang hindi naaapektuhan ang karapatan sa panghinaharap na pangangalaga, paggamot, o panganib ng pagkawala o pag-atras sa anumang mga benepisyo ng programa na kung hindi man, ikaw ay nabigyang-karapatan. Ang mga kawani ng kalusugang pangkaisipan ay maaari ring i-atras ang kakayahan na gamitin ang mga partikular na paraan ng serbisyo o mga pamamaraan ng komunikasyon sa anumang punto kung saan natukoy na hindi ito ang pinaka-angkop na paraan ng pagbibigay-serbisyo at/o komunikasyon.
5. Ang lahat ng kawani ng LACDMH, bilang kondisyon ng kanilang pagtatrabaho, ay taon-taong lalagda sa isang panunumpa ng pagiging kumpidensyal na nagbabawal sa kanila sa pagbabahagi ng impormasyon ng kliyente maliban kung pinapayagan sa ilalim ng pederal, Estado, at Kagawaran na mga batas, polisiya, at pamamaraan sa pagiging kumpidensyal.

6. Ang anumang impormasyon na ibinunyag sa kawani na tinukoy nila na mahalaga sa pangangalaga ay irerekord sa klinikal na rekord upang matiyak na ang mga kawani ng paggamot (treatment staff) ay may makukuhang pinaka-kumpletong impormasyon tungkol sa iyo kapag nagpapasya sa paggamot na naaangkop sa iyong mga pangangailangan at para sa kalidad ng pangangalaga.
7. Ang iyong demograpiko at klinikal na impormasyon ay ipinapasok sa sistema ng elektronikong rekord sa kalusugan ng LACDMH at maaaring makuha ng mga kawani sa loob ng LACDMH at iba pang mga awtorisadong indibiduwal na kabilang sa iyong paggamot kung naaangkop. Mangyaring sumangguni sa Abiso sa mga Gawi ng Privacy ng Ahensya ng Kalusugan ng County ng Los Angeles (Los Angeles County Health Agency Notice of Privacy Practices) para sa higit pang impormasyon.
8. Kabilang sa potensyal na panganib ng mga serbisyong telehealth at telepono ang parsyal o kumpletong kabig uan ng kasangkapang ginagamit na maaaring magresulta sa pansamantalang walang kakayahan ng kawani ng kalusugang pangkaisipan na magbigay ng mga serbisyo sa kalusugan pangkaisipan.
9. Sa pagpapahintulot sa secure email at/o secure text messaging, sumasang-ayon ka na payagan ang kawani ng LACDMH na magpadala sa iyo ng impormasyon tungkol sa kondisyon at pangangalaga ng iyong kalusugang pangkaisipan sa pamamagitan ng secure text at secure email.
10. Ang secure email at secure text messaging ay hindi kailanman gagamitin para sa emerhensiya o madaliang mga sitwasyon at/o mga layuning dayagnostiko. Dapat mong talakayin sa iyong tagapagbigay (provider) sa kung paano sila pinakamahusay na makokontak pagkatapos ng normal na mga oras ng negosyo o sa isang emerhensiya o madaliang sitwasyon. Ang anumang mga kahilingan na tatasahin sa pamamagitan ng secure email o secure text messaging ay hindi kikilalanin.

May mga teknikal na konsiderasyon para sa iyong personal na (mga) aparato kapag ginagamit ang **Telehealth**, **Telepono**, **Secure Email** at/o **Secure Text Messaging.** Sa pagpapahintulot, nauunawaan mo ang sumusunod:

1. Walang pananagutan ang LACDMH para sa iyong aparato kung ang instalasyon ng aprubadong aplikasyon ng LACDMH telehealth / secure text messaging / secure email ay nagsanhi ng anumang hidwaan, hindi paggana, o pinsala.
2. Ikaw ay ganap na responsable para sa paghahawak, pagpapagana, at pananatili ng iyong aparato at mga aplikasyon. Kung sakaling ang iyong aparato ay makompromiso, mawala, o manakaw, hindi mananagot ang LACDMH para sa pagbubunyag ng impormasyon, kabilang ngunit hindi limitado sa, Protektadong Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information/PHI) na nananahan sa aparato.
3. Hindi pinapayagan ng LACDMH ang pagrerekord ng mga sesyon, kabilang ang mga sesyon ng telepono at telehealth, maliban kung ang tahasang pahintulot ay ibinigay mo at ng iyong propesyonal (practitioner).
4. Hindi ibabahagi ng LACDMH ang iyong personal na nakapagtutukoy na mga imahe o impormasyon mula sa mga interaksyon sa telehealth sa mga mananaliksik (researchers) o iba pang mga entidad nang wala ang iyong pahintulot.
5. Maaaring may pagkaantala sa pagitan ng oras na ang isang secure text message at/o secure email ay naisumite at ang punto kung saan nabasa at/o tumugon ang iyong gumagamot na tagapagbigay (treating provider). Hindi mo malalaman kung ang impormasyon sa text/email ay nakita na, at hindi malalaman ng LACDMH kung kailan ka tatanggap ng tugon.
6. Ang aprubadong secure text messaging at secure email ng LACDMH ay ang tanging opsyon para sa pagpapadala at pagtanggap ng impormasyon ng text sa mga kawani ng LACDMH.
7. Ikaw ay responsable para sa anumang mga bayarin sa paggamit ng data o text messaging na nauugnay sa paggamit ng iyong personal na aparato kapag hindi mo ito ginagamit para sa telehealth, telepono, at secure text messaging.
8. Ang impormasyong ipinadala sa pamamagitan ng secure text at secure email ay maaaring makatulong sa mga kawani ng kalusugang pangkaisipan sa pagbibigay ng paggamot at pag-iiskedyul.
9. Bagaman ang (mga) email at (mga) text message ay ipapadala sa pamamagitan ng isang ligtas na pamamaraan, may panganib na ang isang email o text na nilayong para sa iyo ay maaaring hindi sinasadyang naipadala sa maling email address o numero ng telepono.

MH 500
7/1/2024

County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan
Pahintulot para sa mga Serbisyo

Ako, si _____, ay nagpapahintulot na tumanggap ng mga serbisyo ng kalusugang pangkaisipan ng **County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan.**

Nabasa ko na ang impormasyong ibinigay sa pahintulot na ito. Nagkaroon ako ng oportunidad na magtanong ng mga katanungan tungkol sa impormasyong ito, at lahat ng aking mga katanungan ay nasagot na. Nauunawaan ko ang nakasulat na impormasyon na ibinigay.

Nagpapahintulot ako sa paggamit ng mga serbisyo ng Telehealth Oo ☐ Hindi ☐

Nagpapahintulot ako sa paggamit ng mga serbisyo ng Telepono Oo ☐ Hindi ☐

Nagpapahintulot ako sa paggamit ng Secure Text Messaging para sa komunikasyon Oo ☐ Hindi ☐

Nagpapahintulot ako sa paggamit ng Secure Email para sa komunikasyon Oo ☐ Hindi ☐

Email address para sa telehealth at/o secure email: _____

Numero ng telepono para sa telepono at/o secure texting: _____

Nabigyan ako ng impormasyon sa Mga Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan (Advance Health Care Directives) Oo ☐ Hindi ☐

Mayroon akong Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan na kasalukuyang nakapuwesto (Advance Health Care Directive) Oo ☐ Hindi ☐
Kung oo, mangyaring magbigay ng kopya para aming ilagay sa iyong klinikal na rekord

_____ _____
Lagda ng Kliyente Petsa

_____ _____ _____
Lagda ng Responsableng Nasa Hustong Gulang (Adult)* Relasyon sa Kliyente Petsa

* Responsableng Nasa Hustong Gulang (Adult) = Tagapag-alaga, Konserbator, o Magulang ng menor-de-edad kapag kinakailangan.

Ang kumpidensyal na impormasyong ito ay ibinigay sa inyo alinsunod sa Estado at Pederal na mga batas at regulasyon kabilang ngunit hindi limitado sa naaangkop na Welfare at Institutions code, Civil Code at HIPAA Privacy Standards. Ang duplikasyon ng impormasyong ito para sa karagdagan pang pagbubunyag ay ipinagbabawal nang walang paunang nakasulat na awtorisasyon ng kliyente/awtorisadong kinatawan kung kanino ito nauukol maliban kung hindi pinahihintulutan ng batas. Ang pagwasak ng impormasyong ito ay kinakailangan pagkatapos na matupad ang nakasaad na layunin ng orihinal na kahilingan.	**Pangalan:** _____ **DMH ID#:** _____ **Ahensya:** _____ **Tagapagbigay (Provider) #:** _____ County ng Los Angeles– Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan

MH 500
7/1/2024

County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan
Pahintulot para sa mga Serbisyo

Ang pahinang ito ay dapat na kumpletuhin ng Kawani

Signator ☐ was given ☐ declined a copy of this Consent on _____ by _____.
Date Initials

☐ This Consent was interpreted in _____for the client and/or responsible adult.
If a translated version of this Consent was signed by the client and/or responsible adult, the translated version must be attached to the English version.

☐ Client and/or Responsible Adult is unavailable/unable to sign. Verbal/implied consent was provided on _____
Date

☐ Client is a minor and signed above without parental/guardian consent, and I have verified minor is eligible to sign as well as their signature (see Consent for Minor section below).

If yes, is client enrolled in **Minor Consent Medi-Cal**? ☐ Yes ☐ No
Note: *If client does have Minor Consent Medi-Cal, all services must be claimed using Non-Billable to Medi-Cal procedure codes.*

☐ A court order/minute order has been obtained and consenting on their own or someone on their behalf is not an option. I have provided the first page of the Consent for Services as well as the FAQs to the Client and/or Responsible Adult

_____ _____
Signature of Staff/Work Force Member Date

Consent For Minor: Please select the appropriate section(s) about the minor:

☐ **EMANCIPATED:** This minor has been declared emancipated from his/her parent/guardian by the courts and has been issued an identification card by the Department of Motor Vehicles (Cal Fam Code 7120). A copy of the identification card must be filed with this form.

☐ **ACTIVE DUTY WITH ARMED FORCES:** This minor must be currently serving in the US Armed Forces. A copy of his/her military ID must be filed with this form (Cal Fam Code 7002).

☐ **MARRIED:** This minor is or has been married (Cal Fam Code 7002). A copy of the marriage certificate must be filed with this form.

☐ **SELF-SUFFICIENT:** This minor is self-sufficient as exhibited by being able to declare all of the following (Cal Fam Code 6922).

- I am 15 years of age or older, having been born on _____ (birthdate).
- I am living at the address given on admission for services which is apart from the home/residence of my parents or legal guardian.
- I am managing my own financial affairs indicated by the financial information provided by me on admission for services.
- I understand that I am financially responsible for the charges for my mental health services and I may not disaffirm this consent because I am a minor.

The below options must be verified/selected by an Authorized Mental Health Discipline (AMHD).

☐ **REQUEST FOR MENTAL HEALTH SERVICES:** This minor is mature enough to participate in mental health treatment. I certify that each of the below 3 criteria are met. (Cal Fam Code 6924)

1. The client is 12 or older and mature enough to participate intelligently in the services provided.
2. The minor was consulted regarding parent/guardian's involvement on _____. The client's parent(s)/guardian(s):
   (date)
   ☐ Were contacted on _____ by _____
   (date)
   ☐ Were **NOT** contacted because _____
3. The client's parent(s)/guardian(s): ☐ Are currently involved in the services provided
   ☐ Do not want or are unwilling to participate in the treatment ☐ Are not appropriate to participation in the services provided

Note: The client WILL NOT be prescribed psychotropic medications without legal guardian or court consent.

_____ _____
AMHD Signature and Discipline Date

MH 500
7/1/2024

County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan
Pahintulot para sa mga Serbisyo

Mga Kadalasang Katanungan
Telehealth, Telepono, Secure Text Messaging at Secure Email

Paano naiiba ang mga serbisyo ng Telehealth/Telepono sa mga sa-personal na sesyon sa mga kawani ng kalusugang pangkaisipan?
Maliban sa kliyente at propesyonal ng LACDMH na hindi magkasama sa parehong pisikal na lokasyon, may napakaliit na diperensya sa sesyon. Ang propesyonal ay magagawang ibigay ang naaangkop na Espesyalidad na Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan (Specialty Mental Health Service/SMHS), idokumento ang ibinigay na klinikal na impormasyon at serbisyo, at tiyakin na ang dokumentasyon ay ibilang sa klinikal na rekord ng kliyente para sa panghinaharap na reperensiya.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga serbisyo ng Telehealth at Telepono?
Ang mga serbisyo ng telehealth ay isinasama ang paggamit ng video teleconferencing kasama ng audio, kaya't ang mga propesyonal at kliyente ay maaaring makita at makipag-usap sa isa't isa, kahit na ang parehong partido ay nasa magkakaibang pisikal na lokasyon. Ang mga serbisyo ng telepono ay isinasama ang paggamit ng telepono, nang sa gayon ang mga propesyonal at kliyente ay maaari ring makipag-usap sa isa't isa, gayunpaman, walang mga biswal na kakayahan. Para sa parehong mga serbisyo ng telehealth at telepono, magpapatuloy ang mga propesyonal na ibigay ang saklaw na SMHS sa kliyente, pati na rin ang magbigay ng dokumentasyon na isasama sa klinikal rekord ng kliyente para sa panghinaharap na reperensiya.

Ano ang mangyayari kung pinili kong huwag magpahintulot na gamitin ang mga serbisyo ng Telehealth at/o Telepono?
Kung pinili mong huwag magpahintulot sa mga serbisyo ng Telehealth at/o Telepono, hindi gagamitin ng LACDMH ang mga pamamaraang ito kapag nagbibigay ng mga serbisyo at magbibigay lamang ng mga sa-personal na serbisyo. Dagdag pa rito, ang pagpili na huwag magpahintulot sa Telehealth at/o Telepono ay hindi makakaapekto sa iyong kakayahan na i-akses ang anumang saklaw na SMHS. Patuloy na gagamitin ang telepono para sa mga layunin ng komunikasyon.

Ano ang Secure Email?
Pinapahintulutan ng Secure Email ang mga kliyente na makipag-usap nang madali at ligtas sa mga kawani ng LACDMH nang sa gayon ang anumang potensyal na sensitibong impormasyon tungkol sa kliyente ay napapanatiling ligtas. Para protektahan ang Protektadong Pangkalusugang Impormasyon ng Kliyente (Protected Health Information/PHI), ang mga secure email ay dumadaan sa enkripsyon, na isang proseso na ginagawang hindi mababasa ng sinuman ang impormasyon maliban sa nilalayong tumanggap ng email.

Ang anumang email na naglalaman ng elektronikong PHI ng kliyente na ipinadala sa pamamagitan ng email ay dapat na ligtas. Ayon sa Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA), ang seguridad ng email at mga regulasyon ng pagkapribado ay kinakailangan para matiyak ang pagkapribado at pagka-kumpidensyal ng mga kliyente.

Ano ang hitsura ng Secure Email at paano ito mababasa?
Kapag ang isang secure email ay ipinadala, tatanggapin ng tatanggap ang mga sumusunod na file:

1. Abiso ng mensaheng email: Ang abiso ng mensahe ay nagpapahiwatig na may taong nagpadala ng isang secure, na-encrypt na mensahe sa anyo ng isang Rehistradong Sobre (Registered Envelope). Ang abiso ay kinabibilangan rin ng mga link sa impormasyon tungkol sa mga Rehistradong Sobre at Cisco Registered Envelope Service.
2. Kalakip na naka-encrypt na message file: Ang kalakip na file ay pinangalanang "securedoc.html." Ang file na ito ay naglalaman ng parehong Rehistradong Sobre at ang naka-encrypt na nilalaman. Para matingnan ang Rehistradong Sobre, ang kalakip na file ay dapat na ma-save sa local drive. Ang pagbubukas sa kalakip na ito ay pahihintulutan ang tumatanggap na itala ang sarili, lumikha ng account, basahin ang naka-encrypt na email, at tumugon sa isang ligtas at naka-encrypt na anyo. Para sa mga kumpletong tagubilin, sumangguni sa dokumentong ito http://file.lacounty.gov/dmh/cms1_180460.pdf

County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan
Pahintulot para sa mga Serbisyo

Ano ang mangyayari kung pinili kong huwag magpahintulot sa paggamit ng Secure Email?
Kung pinili mong huwag magpahintulot sa paggamit ng secure email, hindi pasisimulan ng mga kawani ng LACDMH ang mga email sa iyo o ang pag-aalok ng pag-email bilang paraan ng komunikasyon. Kung pasisimulan mo ang email sa isang kawani ng LACDMH nang walang pahintulot sa email, ang mga kawani ay tutugon sa iyo sa pamamagitan ng iba pang mga paraan ng komunikasyon (hal., telepono o email).

Secure Text Messaging?
Ang Secure Text Messaging ay kinabibilangan ng paggamit ng aplikasyon ng text messaging na aprubado ng LACDMH na pinapayagan ang awtorisadong mga tagapagbigay (providers) ng LACDMH na ligtas na magpadala at tumanggap ng mga na-encrypt na text message at larawan. Ang paraan ng pakikipag-usap na ito ay ligtas, naka-encrypt, at tumatalima sa lahat ng mga batas na may kaugnayan sa proteksyon/seguridad ng Protektadong Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information/PHI).

Anong mangyayari kung pinili kong huwag magpahintulot sa paggamit ng Aplikasyon ng Secure Text Messaging ng LACDMH??
Kung walang pahintulot sa paggamit ng aplikasyon ng secure text messaging na aprubado ng LACDMH, ang mga kawani ng LACDMH ay hindi pasisimulan ang text messaging sa iyo o ang pag-aalok ng text messaging bilang paraan ng komunikasyon. Kung pinasimulan mo ang text messaging sa isang kawani ng LACDMH, ang kawani ay tutugon sa iyo sa pamamagitan ng iba pang mga paraan ng komunikasyon (hal., tawag sa telepono o Secure Email).

May magagamit ba akong Hindi-Medikal na mga benepisyo ng Transportasyon?
Ang Hindi-Medikal na mga serbisyo ng Transportasyon ay magagamit ng lahat ng mga kliyente na may ganap na saklaw na Medi-Cal at sa mga nagdadalang-taong kababaihan, kabilang ang hanggang sa katapusan ng buwan kung saan nagaganap ang ika-365 araw ng pagkaraan ng panganganak. Kailangang patunayan ng mga kliyente sa tagapagbigay (provider) sa paraang pasalita (verbal) o pasulat na mayroon silang hindi natugunang pangangailangan sa transportasyon at ang lahat ng kasalukuyang mapagkukunan na magagamit ay makatuwiran nang naubos. Ang mga dahilan para sa pangangailangan ng Hindi-Medikal na Transportasyon ay maaaring kabilangan ng alinman sa sumusunod:

- Walang balidong lisensya sa pagmamaneho.
- Walang magamit na gumaganang sasakyan sa sambahayan.
- Hindi magawang maglakbay o maghintay mag-isa para sa mga nasasaklaw na mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Pagkakaroon ng limitasyong pisikal, kognitibo, pag-iisip, o pag-unlad.
- Walang pera para sa gasolina upang makapunta sa tipanan (appointment).

Mga Kadalasang Katanungan
Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan

Ano ang isang Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Ang Masulong na Direktiba ay isang legal na dokumento na pinapayagan ang isang indibiduwal na ilahad nang maaga ang kanilang mga naisin kung sakaling hindi nila magawang makapagdesisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, ang isang Masulong na Direktiba ay binubuo ng dalawang bahagi: (1) tipanan ng isang ahente para sa pangangalagang pangkalusugan; at (2) mga tagubilin sa indibiduwal na pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang magagawa ng isang Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa taong may saykayatrikong kapansanan?

- Pinapayagan ka nitong gumawa na ngayon ng mga pagpili sa paggamot sa kaganapan na kailangan mo ng paggamot sa kalusugang pangkaisipan sa hinaharap. Masasabi mo sa iyong doktor, institusyon, tagapagbigay (provider), pasilidad ng paggamot, at hukom kung anong mga uri ng paggamot ang gusto mo at yung hindi mo gusto.
- Maaari mong piliin ang isang kaibigan o miyembro ng pamilya para gumawa ng mga desisyon sa kalusugang pangkaisipan, kung hindi mo ito magagawa para sa iyong sarili.
- Mapapabuti nito ang mga komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong doktor.
- Maaari nitong mabawasan ang pangangailangan para sa mahabang pananatili sa ospital.
- Nagiging bahagi ito ng iyong medikal na rekord.

MH 500
7/1/2024

County ng Los Angeles Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan
Pahintulot para sa mga Serbisyo

Sino ang maaaring pumunan ng isang Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Sinumang tao na 18 taong gulang pataas na may "kapasidad" na gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang "kapasidad" ay nangangahulugan na nauunawaan ng tao ang kalikasan at kahihinatnan ng iminungkahing pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga panganib at benepisyo.

Kailan magkakabisa ang isang Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Ang isang Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan ay nagkakabisa kapag ang pangunahing manggagamot/doktor ng tao ay nagpasya na ang tao ay walang "kapasidad" na gumawa ng kanilang mga sariling desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan ito na ang indibiduwal ay hindi magawang maunawaan ang kalikasan at mga kahihinatnan ng iminungkahing pangangalagang pangkalusugan. Ang katotohanan na ang tao ay naipasok sa saykayatrikong pasilidad ay hindi nangangahulugan na ang tao ay kulang sa "kapasidad."

Gaano katagal nagkakabisa ang isang Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Sa California, ang isang Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan ay walang katapusan. Maaari kang magbago ng iyong isipan anumang oras, hangga't ikaw ay may "kapasidad" na gumawa ng mga desisyon. Isang magandang ideya na repasuhin taon-taon ang iyong Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan upang masiguro na nailahad ang iyong mga ninanais.

Kailangan ko bang magkaroon ng Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan?
Hindi. Isa lamang itong paraan para ipaalam ang iyong mga ninanais sa paraang pasulat, habang kaya mo pa. Ang iyong mga pagpili ay mahalaga.

Saan ako makakakuha ng legal na payo tungkol sa Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan?
- Sa Iyong Abugado
- Protection and Advocacy, Inc.

Saan ako maaaring kumuha ng mga Form ng Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan?
- Sa Iyong Abugado
- Mga Tindahan ng Gamit sa Pagsulat (Stationery Stores)
- Internet

Sino ang dapat na may kopya ng Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan?
- Ikaw (ang Iyong Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan ay dapat na nakatabi sa isang ligtas na lugar, ngunit madaling mahanap o makuha.)
- Iyong ahente (ang taong itinalaga na gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo ito magawa.)
- Ang bawat isa sa iyong mga tagapagbigay (providers) ng pangangalagang pangkalusugan
- Ang bawat isa sa iyong mga tagapagbigay ng kalusugang pangkaisipan

Mahalagang masubaybayan mo kung sino ang may kopya ng iyong Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan kung sakaling gagawa ka ng mga pagbabago sa dokumento.

Saan ko ipapadala ang mga reklamo tungkol sa hindi pagsunod sa masulong na direktiba sa pangangalagang pangkalusugan?
Ang mga reklamo patungkol sa hindi pagsunod sa mga patakaran ng Masulong na Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan ay maaaring ihain sa Paglilisensya at Sertipikasyon ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan (Department of Health Services/DHS) ng California sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-236-9747 o pagsulat sa P.O. Box 997413, Sacramento, California 95899-7413.